

Ang California School Dashboard (Dashboard) ay isang online tool na dinisenyo upang tulungan ang mga komunidad sa buong estado na ma-access ang mahalagang impormasyon tungkol sa kindergarten hanggang grade twelve sa mga paaralan at distrito. Ang Dashboard ay nagtatampok sa anim na panukat ng estado na nagbibigay ng mahalagang impormasyon kung paano pinaglilingkuran ng mga paaralan ang kanilang mga estudyante. Para sa iba pang impormasyon, bisitahin lamang ang Dashboard website sa <https://www.caschooldashboard.org/>.

Akademikong Pagganap



May dalawang bahaging sinusukat sa Akademikong Pagganap wikang Ingles, sining/panitikan at matematika. Ang mga panukat na ito ay nagpapakita kung gaano kahusay tinutugunan ng mga estudyante ang mga pamantayan ng grade-level. Ang mga ito ay batay sa pagganap ng estudyante sa Smarter Balanced Summative Assessments at ng California Alternate Assessments, na kinukuha bawat spring ng mga estudyante sa grade three hanggang eight at grade eleven.

Madalas na pag-absent



Ang panukat ng Dalas ng Pag-absent ay nagpapakita kung ilang estudyante ang nag-absent nang 10 porsiyento o mahigit pa sa mga araw ng pagtuturo kung kailan sila naka-enroll para dumalo. Halimbawa, kung naka-enroll ang isang estudyante para dumalo sa 180 araw ng pagtuturo at nag-absent siya nang 18 araw o mahigit pa sa mga araw na iyon, ituturing na madalas mag-absent ang estudyanteng iyon. Ang mga estudyanteng madalas mag-absent ay hindi nakikinabang sa mahalagang pagtuturo sa silid-aralan. Sa pamamagitan ng impormasyong ito sa Dashboard, malalaman ng mga magulang at tagapagturo kung problema sa isang paaralan o buong distrito ang dalas ng pag-absent.

Kahandaan para sa Kolehiyo/Propesyon*



Ang panukat ng Kahandaan para sa Kolehiyo/Propesyon ay nagpapakita kung ilang estudyante ang nagtatapos sa high school na mas handa para sa kolehiyo o sa isang propesyon. Gumagamit ito ng maraming iba't ibang panukat ng kahandaan para sa kolehiyo at propesyon, gaya ng pagkumpleto sa mga gawain sa kurso at karanasan sa trabaho hanggang sa mga resulta ng pagsusulit. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga panukat para sa kolehiyo at propesyon, sumangguni lamang sa dokumentong California Department of Education (CDE) *Measures of College Readiness* sa <https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/documents/ccicollege.pdf> at sa dokumentong CDE *Measures of Career Readiness* sa <https://www.cde.ca.gov/ta/ac/cm/documents/ccicareer.pdf>.

**Paunawa: Ang panukat ng Kahandaan para sa Kolehiyo/Propesyon ay hindi inuulat sa 2022 Dashboard. Ang pag-uulat sa panukat na ito ay ipagpapatuloy sa 2023.*

Progreso ng Mag-aaral ng Ingles



Ang kahusayan sa wikang Ingles ay unang panukat para humusay ang mga estudyante sa iba pang mga subject tulad ng reading, writing, mathematics, at science. Tinitingnan ng panukat na Progreso ng Mag-aaral ng Ingles ang progresong nagagawa ng mga estudyanteng nag-aaral ng Ingles tungo sa pagkakaroon ng kahusayan sa Ingles. Bawat tagsibol, kumukuha ang mga estudyanteng nag-aaral ng Ingles ng English Language Proficiency Assessments for California, o ELPAC, na sumusukat sa kaalaman at pag-unawa nila sa Ingles. Ang mga resulta mula sa ELPAC ay ginagamit para kalkulahan ang panukat na Progreso ng Mag-aaral ng Ingles.

Bilang ng Nagtatapos



Magkolehiyo man ang mga estudyante o hindi, high school diploma ang pinakamababang hinihingi para sa karamihan ng mga entry-level na trabaho sa ekonomiya sa ngayon. Kumakatawan ito sa pagiging eksperto sa mga batayang kasanayan sa paksang tulad ng pagbabasa, pagsusulat, matematika, at agham at pagkumpleto ng isang kurso sa pag-aaral. Ang panukat na Bilang ng Nagtatapos ay nagpapakita ng bilang ng mga estudyanteng tumanggap ng diploma sa katapusan ng grade twelve.

Bilang ng Nasususpende



Ang Bilang ng Nasususpende ay nagpapakita ng porsiyento ng mga estudyanteng nasuspende nang hindi bababa sa isang buong araw sa buong taon panuruan. Ang mga estudyanteng nasuspende sa paaralan ay hindi nakikinabang sa mahalagang pagtuturo sa silid-aralan. Ang pagkuha ng impormasyong ito sa Dashboard ay tinutulutan ang mga magulang at tagapagturo na makita kung may problema sa pagsuspende sa isang paaralan o sa isang buong distrito at kung may partikular na mga pangkat ng estudyante na nasususpende nang mas madalas kaysa sa iba.

Paunawa: Ang isang estudyante ay itinuturing na nasuspende sa bilang ng minsan lamang nasuspende kahit maraming beses na nasuspende o maraming araw na nasuspende.